

Lathalain ng Atimonan One Energy, Inc. tuwing ika-3 buwan • Bulto 6 Bilang 2 • Hunyo 2019

Planong planta ng A1E, tuloy pa rin

TINIYAK ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) sa lokal na pamahalaan ng Atimonan at sa mga residente nito na handa pa rin ito na ituloy ang pagtatayo ng nakaplanong planta ng kumpanya sa Brgy. Villa Ibaba.

Ito ay sa kabila ng lumabas kamakailan na desisyon ng Korte Suprema ukol sa sinumiteng power supply agreement o PSA ng kumpanya noong Abril ng taong 2016.

Ayon sa desisyon ng kataas-taasang hukuman, ang lahat ng *power distributors* katulad ng Meralco na nagsumite ng kanilang PSA sa Energy Regulatory Commis-

sion (ERC) pagkatapos ng Hunyo 2015 ay obligadong magsagawa ng *bidding* para sa kanilang PSA.

Handa naman ang A1E na sumailalim sa Competitive Selection Process o CSP at mag-*offer* ng episyente, maasahan, *cost-competitive*, at tuluy-tuloy na suplay ng kuryente para sa mga konsyumer.

Bagamat ang pagpapatupad sa kautusan ng Korte Suprema ay magdudulot ng kaunting pagkaantala sa proyektong planta ng kumpanya, tuluy-tuloy pa rin ang A1E sa mga programa nitong pangkomunidad.

Magkakaroon pa rin ng iba't-ibang programa kasama ang Lokal na Pamahalaan ng Atimonan at magkakaloob pa rin

ng *scholarships* para sa mga kwalipikadong Atimonanin na gustong maging propesyunal na mga *scaffolders, flagmen, at heavy equipment operators.*

Mananatiling kaisa ng Atimonan ang A1E sa pagpapatupad ng mga proyektong makatutulong sa pagsulong ng bayan at makapagpapa-unlad sa buhay ng bawat Atimonanin.

Ang A1E ay ang kumpanyang magtatayo ng 1,200 megawatt na *power plant* sa Brgy. Villa Ibaba. Idineklara ng Kagawaran ng Enerhiya ang proyekto bilang "Energy Project of National Significance," isang proyektong magkakaroon ng malaking kapakinabangan sa ating bansa. #

Wala nang mga batang malnourished sa Brgy. Villa Ibaba

IPINANGANAK si Aldrin Alvarez na kulang sa timbang. Siya ay kasama sa 75 bata sa Brgy. Villa Ibaba na naideklarang *malnourished* ng Atimonan Rural Health Unit (RHU).

Sa kaso ni Aldrin, siya ay "severely wasted" o sobrang payat at gaan para sa kanyang taas. Ito ay isang kondisyon na kapag hindi naagapan ay maaring magdulot ng pagkamatay.

Isa ang Villa Ibaba sa mga barangay sa Atimonan na may mataas na kaso ng malnutrisyon lalo sa mga bata, ayon kay Dana Evelyn Alvarez, isang barangay health worker (BHW) sa Atimonan.

Ito ang pangunahing dahilan kaya isinagawa ng Atimonan One Energy, Inc (A1E) ang Kaisa sa Nutrisyon o KAIN, isang 150 araw na feeding program para sa mga bata edad 0 hanggang 15 taon.

Ang mga batang kasali sa programa ay regular na binibigyan ng masustansyang pagkain at bitamina. Pagkatapos ay tinitimbang ang mga ito at sinusuri kung may pagbabago sa kanilang kalusugan.

Si Aldrin ay isa sa 18 batang sumailalim sa programa noong September 2018 hanggang Abril 2019. Ito na ang pang-apat na beses na isinagawa ng A1E ang programa sa barangay at sa kasalukuyan, lahat ng bata mula sa Villa Ibaba ay naideklara nang malusog.

Bukod sa *feeding program*, nakipareha rin ang A1E sa mga BHW ng Brgy. Villa Ibaba upang turuan ang mga magulang ng tamang nutrisyon para sa kanilang mga anak at sa Villa Ibaba Elementary School para naman masubaybayan ang kanilang pag-aaral.

Lubos namang nagpapasalamat ang mga opisyal ng barangay sa tulong ng kumpanya sa laban nito sa malnutrisyon.

Nangako naman ang A1E na patuloy na susubaybayan at aalalayan ang Brgy. Villa Ibaba upang mapanatiling malusog ang mga bata rito. Dahil sa tagumpay na ito ng kumpanya, plano rin nilang ipatupad ang ganitong programa sa kalapit na barangay, Brgy. Villa Ilaya. #



(TAAS) Si Aldrin Alvarez sa isa sa mga feeding sessions sa ilalim ng programang Kaisa sa Nutrisyon o KAIN. (IBABA) Sina Angelo, Aldrin, at John Rod Alvarez, magkakapatid na benepisyaryo ng programang KAIN na ngayo'y naideklara ng malulusog.

A1E at kontraktors, nagsagawa ng coastal cleanup sa Lamon Bay



Ang mga empleyado mula sa Atimonan One Energy, Inc., Mitsubishi Hitachi Power System, Ltd., Dinamico Construction Inc., Delta Earthmoving, Inc., Beton Bau Phils. Inc., Jacob Project Philippines, AFP, Atimonan MENRO, at mga residente ng Brgy. Caridad Ilaya pagkatapos ng coastal cleanup sa Lamon Bay.

BILANG bahagi ng programang Dagat Ko, Linis Ko, nagtulong-tulong ang Atimonan One Energy, Inc. (A1E), mga kontraktors, at mga subkontraktors nito sa isang **coastal cleanup** sa baybayin ng Lamon Bay noong Abril 13.

Umabot sa 80 indibidwal na kinabibilangan ng empleyado mula sa Mitsubishi Hitachi Power Systems, Ltd., Dinamico Construction Inc., Delta Earthmoving, Inc., Beton Bau Phils. Inc., Jacob Project Philippines, Armed Forces of the Philippines, Atimonan

Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) at mga residente ng Brgy. Caridad Ilaya ang boluntaryong nakilahok sa **cleanup**

Sa kabuuan, may 411 kilo o 42 sako ng basura ang nakolekta na siya namang dinala sa **municipal sanitary landfill** sa Brgy. Inaclagan. Sampung tonelada naman ng nabubulok na basura gaya ng bunot ng niyog, mga kawayan, at kahoy ang ibinaon sa lugar na di maabot ng tubig.

Ayon kay Dinamico Administrative

Manager Jinnam Kin, ang ganitong mga gawain ang isa sa pinakamabisang paraan upang hikayatin ang kanilang mga kawani na maging kaisa sa pangangalaga at pag-iingat sa kalikasan.

Ang Dagat Ko, Linis Ko ay isa sa mga programang pangkalikasan ng A1E na naghikayat ng pagkalinga at pangangalaga sa kalikasan kasama ng iba't-ibang sektor sa lipunan. Bukod dito, nagsasagawa rin ng pagtanim ng mga puno sa iba't-ibang lugar sa Atimonan ang kumpanya. #

Programang KASANAY at Angat Kabuhayan ng A1E, nagpatuloy



(KALIWA) Si Rhey Alvin Pinon, Dinamico Safety Officer, habang itinuturo ang tamang pag-signal sa flagmen training na ginanap nong Hunyo 18. (KANAN) Si Oscar Canales, Jr., isa sa mga iskolar mula sa Brgy. Caridad Ilaya habang aktwal na nagtatayo ng scaffold sa kanilang ginanap na training noong Abril 22 hanggang Mayo 4.

TULUY-TULOY pa rin ang mga programang pangkabuhayan at pang-edukasyon ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) para sa mga Atimonanin.

Kamakailan ay nagsagawa ng pag-sasanay sa **flagman, spotter, at scaffolding** ang kumpanya kung saan 30 residente mula sa iba't-ibang barangay sa Atimonan ang nakilahok.

Ang training sa scaffolding ay ginanap

noong ika-22 ng Abril hanggang ika-4 ng Mayo, samantalang ang flagmen at spotter training naman ay noong ika-18 ng Hunyo.

Layunin ng mga programang ito na magkaroon ng sapat na kasanayan ang mga Atimonanin sa iba't-ibang posibleng maging trabaho ng mga ito lalo pa't mangangailangan ang A1E ng mga manggagawa kapag nagsimula na ang konstruksyon ng planta nito. #

Malawakang job fair, inilunsad ng teknikal partners ng A1E



Mga residente ng Brgy. Caridad Ilaya habang nagsasagot ng application form bago ang kanilang interview noong ika-3 ng Abril.

NAGSAGAWA ng **job fairs** sa pitong barangay sa Atimonan ang Betonbau Philippines, Inc. at Delta Earthmoving, Inc. sa pakikipagtulungan ng Atimonan Public Employment Service Office (PESO) noong ika-1 hanggang ika-23 ng Abril.

Layon ng aktibidad na ito na mas maraming Atimonanin ang mabigyan ng pagkakataong maging empleyado ng nasa-bing kumpanya.

Sa kasalukuyan, may 117 residente na ng Atimonan ang nagtatrabaho sa Betonbau at Delta bilang mga **laborer, steelman, karpintero, mason, at scaffolder**. #

Heavenly Touch Therapeutic Massage Association, rehistrado na sa DOLE



PORMAL ng narehistro ng mga *massage therapists* ng Heavenly Touch Therapeutic Massage ang kanilang asosasyon sa Department of Labor and Employment o DOLE noong ika-8 ng Mayo.

Ang pagrehistro ay isang importanteng hakbang para sa grupo upang makakuha ng suporta mula sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno.

Plano ng asosasyon na magtayo ng sariling pasilidad. Kasalukuyan rin silang tumatanggap ng mga bagong miyembro na nagnanais sumali sa grupo.

Ang Heavenly Touch Therapeutic Massage ay produkto ng programang Angat Kabuhayan ng Atimonan One Energy, Inc (A1E) na layong magbigay ng dagdag na pagkakataon para sa mga Atimonanin. #

Usapang Basura, inilunsad sa Villa Ibaba



PINANGUNAHAN ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) at ng Atimonan Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) ang pagsasagawa ng isang talakayan hinggil sa wastong pamamahala ng basura sa Brgy. Villa Ibaba noong Mayo 7.

May 70 residente ang dumalo sa aktibidad na tinaguriang "Usapang Basura" kung saan tinalakay ang mga alintuntunin ukol sa tamang paghihiwa-hiwalay ng basura, pangongolekta, at pagtatapon nito sa tamang tapunan. #

Libreng serbisyong medikal at dental, idinaos sa 3 barangay sa Atimonan



Si Dr. Emmanuel Rea, isa sa mga volunteer na dentista, habang binubunot ang ngipin ng isa sa pasyente sa naganap na dental mission.



Si Asuncion Tripulca, isa sa mga residente ng Brgy. Villa Ibaba habang kumukonsulta kay Dr. Alyssa Dela Cruz noong Mayo 20.

MAHIGIT 100 residente ng mga Barangay Villa Ibaba, Villa Ilaya, at Caridad Ilaya ang nakinabang sa ginanap na libreng serbisyong medikal at dental ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) sa ilalim ng programa nitong Bantay Kalusugan.

Isinagawa ang aktibidad noong ika-20 ng Mayo sa Villa Ibaba Elementary School bilang bahagi ng programang pangkalusugan ng kumpanya na naglalayong magbigay ng serbisyong medikal at dental sa mahihirap na residente ng Villa Ibaba at mga karatig na barangay nito.

Naging katuwang ng A1E ang Atimonan Rural Health Unit (RHU), Mitsubishi Hitachi Power System, Ltd. (MHPS), Dinamico Construction, Inc., Delta Earthmoving, Inc., Betonbau Phils, Inc. at Alpha Phi Ome-

ga Atimonan Circle Alumni Association (APO ACAA).

"Isang karangalan ang makasama kami sa aktibidad na ito lalo pa at isa sa ad-bokasiya ng aming samahan ang makapagbigay serbisyo sa komunidad," saad ni Agnel Garcia, Pangulo ng APO ACAA.

Bukod pa sa libreng *checkup*, naka-tanggap din ang mga residente ng libreng gamot at bitamina.

Nagpasalamat naman ang mga opisyal ng barangay sa patuloy na pagbibigay ng kumpanya ng iba't-ibang tulong sa kanilang nasasakupan.

Ang programang Bantay Kalusugan ng A1E ay nagsimula pa noong taong 2014 sa Brgy. Villa Ilaya at Villa Ibaba at ginaganap dalawang beses kada taon. #

Empleyado ng A1E, Delta, at Betonbau, nakiisa sa Brigada Eskwela

ISANG daang mag-aaral ng Villa Ibaba Elementary School ang napagkalooban ng mga bagong kwaderno, ballpen at iba pang gamit sa paaralan bilang bahagi ng Brigada Eskwela na pinangunahan ng mga empleyado ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E), Delta Earthmoving, Inc., Betonbau Phil. Inc., at Jacobs Projects (Philippines), Inc., noong Hunyo 8. Ito na ang pangalawang taon na ginawa ito ng mga empleyado ng A1E kung saan boluntaryo silang nagbigay ng mga gamit pang-eskwela sa mga mag-aaral ng Villa Ibaba. #



Si Bismark Laciste, Right-of-Way Officer ng A1E, kasama ang isa sa mga estudyante ng Villa Ibaba Elementary School.

Mga Donasyon ng A1E mula Abril hanggang Hunyo 2019

Barangay/Organisasyon	Aktibidad/Gawain	Donasyon	Petsa	Barangay/Organisasyon	Aktibidad/Gawain	Donasyon	Petsa
New Carinay Homeowners Association, Inc. (NCHAI)	NCHAI General Assembly	Pagkain para sa 90 katao	Abril 8	Rizal Elementary School	Donasyon ng <i>sports equipment</i>	Dalawang (2) poles ng volleyball	Mayo 25
Brgy. Villa Ilaya, Atimonan, Quezon	Fiesta	Pagkain para sa 500 katao	Mayo 5	San Rafael Small Coconut Farmers Organization	Libreng medikal at dental <i>services</i> sa Brgy. San Rafael	Iba't-ibang over-the-counter na gamot	Hunyo 10
Brgy. Caridad Ilaya, Atimonan, Quezon	Summer Basketball Tournament	Dalawang (2) bola ng basketball	Mayo 6	Sitio Halupag, Brgy. Villa Ilaya, Atimonan, Quezon	Fiesta	Pagkain para sa 300 katao	Hunyo 11
Brgy. Villa Ibaba, Atimonan, Quezon	May Flower Festival 2019	Apat (4) na tropeyo	Mayo 16	Atimonan Public Employment Service Office (PESO)	DOLE-PESO Mid-year Planning and Assessment 2019	Anim (6) na payong	Hunyo 13

Manuel Trapalgar: huwaran ng taos-pusong pagseserbisyo sa kapwa Atimonanin



Si Manuel Trapalgar sa isa sa mga pagpupulong ng mga residente ng New Carinay Homeowners Association, Inc. (NCHAI).

KILALA bilang hepe sa kanilang barangay sa Villa Ibaba, si Manuel Trapalgar ay nagsilbi ng higit 20 taon bilang lider ng mga barangay pulis.

Ang pagiging isang lingkod publiko ni Manuel sa dalawang dekada ay hindi naging madali lalo pa at siya ang kaagapay ng mga kabarangay sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa barangay.

Ang pagnanasa niyang magsilbi sa kanyang mga kababayan ang nag-udyok kay Manuel upang magsilbi naman sa kanilang sitio.

Noong 2016, nahalal siya bilang kauna-unahang pangulo ng New Carinay Homeowners Association, Inc. (NCHAI), isang *housing project* ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) sa Sitio Tabuan na binubuo ng halos 300 residente.

Bilang pangulo, naging tungkulin ni Manuel ang pangasiwaan ang pang-araw-araw at iba't-ibang gawain sa New Carinay.

Isa na rito ang siguruhin ang katahimikan at pagkakaisa ng mga nakatira rito

bukod pa sa pag-iisip ng paraan para umunlad ang kanilang komunidad. Dahil dito, tinuring na siyang ama ng lahat ng residente ng New Carinay.

Si Manuel ay lumaki sa hirap at maa-gang naulila. Bunso siya sa siyam na magkakapatid. Siya ay nakatuntong ng hayskul, ngunit dahil sa kahirapan ay kinailangang huminto sa kanyang pag-aaral.

Gayunpaman, hindi ito naging hadlang upang maging isang huwaran siyang pinuno sa kanilang lugar.

Sa halos tatlong taong pamumuno ni Manuel sa kanilang asosasyon, iba't-ibang programa na at pagkakakitaan ang kanilang nasimulan.

Ilan sa mga ito ay ang pagtanggap ng mga maliliit na gawain sa konstruksyon kung saan mga residente ng New Carinay ang mga manggagawa.

Ani Manuel, hangga't may kakayanan siyang magbigay ng inspirasyon sa mga tao tungo sa ikauunlad nila at makitang umaksyon ang mga ito, naniniwala syang

nagampanan niya ng maayos ang kanyang tungkulin.

Nagpapasalamat naman siya sa A1E sa pagkakataong nabuksan sa kanya upang patuloy na maglingkod sa mga kababayan lalo't higit sa mga proyektong ipinapatupad nito sa kanilang komunidad. #

Malayang Talakayan, Angat Kaalaman, patuloy sa Atimonan



DALAWA pang *information, education and communication (IEC) campaign* ang isinagawa ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) kasama ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) Dalaw Turo Team noong ika-24 ng Mayo sa Brgy. Caridad Ibaba at Caridad Ilaya. Ito ay dinaluhan ng 94 na residente mula sa mga nasabing barangay.

Layon nito na palawakin ang kaalaman ng mga Atimonanin ukol sa itatayong planta ng A1E. Bukod pa rito, sinisigurado ng kumpanya na patuloy na maipaliwanag ang kahalagahan at benepisyong maibibigay ng planta hindi lamang sa mga mamamayan ng Atimonan pati na din sa bansa.

Isa rin itong paraan upang mabigyang linaw ang mga katanungan tungkol sa proyekto na may kinalaman sa teknolohiya, kalikasan, hanapbuhay at kalusugan. #

G	Q	L	D	Y	X	K	N	G	O	N	F	X	R	B	H	E	Q	D	G
U	M	B	A	M	I	O	S	G	F	R	I	L	M	G	S	H	E	Q	
A	F	O	R	B	X	U	Y	E	Q	O	K	T	Z	R	U	M	F	U	F
H	A	B	W	N	P	V	S	U	B	D	Z	X	V	X	C	T	B	Q	S
V	D	N	P	O	O	G	I	P	J	X	L	I	I	N	U	F	H	E	R
Q	O	T	G	M	L	W	R	X	U	J	G	O	L	T	Y	P	L	A	E
J	B	A	D	A	V	Z	T	L	O	D	I	D	L	V	C	Y	G	U	S
H	K	M	J	L	T	D	U	R	A	C	P	P	A	V	L	L	Y	T	B
Z	Z	I	U	U	Y	K	N	L	E	A	I	A	I	T	A	R	F	P	M
F	R	C	Q	C	E	K	A	M	K	Z	C	M	B	P	O	J	B	O	M
T	L	X	E	V	C	W	S	B	Q	A	E	N	A	N	O	M	I	T	A
R	A	M	C	Z	T	F	A	C	U	C	B	R	B	N	C	F	N	G	C
T	V	Z	H	U	J	P	S	Y	W	H	T	P	A	G	I	O	U	S	N
O	U	O	R	E	A	Z	I	M	F	L	A	V	C	Y	P	D	L	E	D
F	S	O	N	Y	E	Z	A	Q	E	B	N	Y	H	Y	X	E	M	Y	G
I	Y	S	D	I	H	D	K	U	V	U	P	C	A	J	A	G	O	R	J
W	T	H	O	R	M	V	N	X	C	D	K	V	J	N	A	H	E	V	S
Q	I	B	B	P	N	A	N	A	S	G	H	C	W	L	A	W	C	Y	B
F	U	X	P	M	Z	I	X	W	S	Z	Z	F	Z	N	D	U	W	K	
B	A	N	T	A	Y	K	A	L	U	S	U	G	A	N	I	Z	F	P	C

WORD SEARCH PUZZLE

Hanapin ang mga salitang nakalista sa ibaba. Ang unang limang taong makakukuha ng tamang sagot kasama ang orihinal na kopya ng kanilang Isang Tinig ay magkakarmit ng premyo. Maari lamang makipag-ugnayan kay Portia de Vera sa numerong 0998 596 0621.

MGA SALITA:

- 1) Atimonan
- 2) Kaisa sa Nutrisyon
- 3) Dinamico
- 4) Villa Ibaba
- 5) Lamon Bay
- 6) Flagmen
- 7) Angat Kabuhayan
- 8) Manuel Trapalgar
- 9) Dalaw Turo
- 10) Bantay Kalusugan

Isang Tinig

Litz Santana **Chris Chua**
Tagapayong Patnugot

Claire Feliciano
Judy Espiritu
Kasangguni sa Editoryal

Cynthia Pardo
Jester Querubin **Philip Santander**
Patrick Collantes **Portia de Vera**
Grupong Editoryal

Address: 2F Parco Bldg, Jose Rizal cor.
Quezon St., Brgy. Zone 1, Atimonan
Quezon Province

Tel.No.: 1-800-10-7275859
Email: info_a1e@a1e.ph
www.atimonan1energy.ph